

**RESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**  
**News and Information Bureau**

**INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE**  
**BY CHERYL COSIM AND JOVE FRANCISCO – COVID-19 ONE PH SPECIAL COVERAGE**  
**MAY 15, 2020**

**COSIM:** Halos lahat po ng industriya na actually ay nabuksan under Modified ECQ.

**SEC. ROQUE:** Well, marami po talagang nabuksan at mayroon lang tayong negative list kumbaga ‘no, iyong mga matao na iniiwasan po natin. Pero siyempre ang kakayahan pong magbukas kasi nakadepende rin sa kakayahan ng mga employers na magbigay ng transportasyon kasi wala pa nga pong public transportation.

**COSIM:** Iyon nga po, bakit po hindi pinayagan ang public transportation? Kasi marami pong negosyante na umaaray din na baka hindi po nila kayanin din na i-shuttle ang kanilang mga empleyado.

**SEC. ROQUE:** Well, Cheryl, talagang unti-unti, dahan-dahan ‘no, hinay-hinay ang ating pagbukas ng ekonomiya. Alam ko po hindi perfect itong solusyon na ito pero kaysa naman po ay magkaroon tayo ng second or third wave kagaya ng mga naging karanasan ng bansang Singapore, South Korea at saka Germany. Mas mabuti na pong naghihinay-hinay kaysa pagsisihan natin ito later on.

**COSIM:** Pero ito po ba ay pinag-aaralan na rin na habang may Modified ECQ po tayo ay posibleng sa kalagitnaan ay dahan-dahan or may ilan na po tayong public transportation na buksan, pinag-aaralan din po ito?

**SEC. ROQUE:** Sa ngayon po talaga, GCQ po talaga iyong ina-allow iyong public transportation na mayroong distancing ‘no. Pero sa ECQ po, parang hindi pa po talaga kinukunsidera iyan. (Unclear) kung hindi kaya ng employer na magbigay ng transportasyon ay huwag muna po.

**COSIM:** Hindi magbubukas.

**FRANCISCO:** Secretary Roque, naku, marami pong na-excite doon sa pagbubukas ng mall ano lalo na may mga ads ngayon sa social media. Pero alam ko mayroon kayong mga paalala diyan, may mga restrictions pa rin.

**SEC. ROQUE:** Opo. Kinakailangan po mainit ang mall, 26; kinakailangan walang Wi-Fi; kinakailangan po ay mayroon pa ring temperature check, pagsusuot po ng mask, constant disinfection; tapos kung pupuwede iyong mga elevator ay para lang po sa mga senior citizens at saka para sa may mga kapansanan; at every other step po tayo sa mga escalators.

**FRANCISCO:** Sabi nila may mga ilalagay daw na mga marka iyong mall kung saan ka puwedeng tumapak ano, puwedeng sundin iyan ng mga tao.

**SEC. ROQUE:** Kasi sa mga supermarkets po ay may ganiyan na, so sana po iyong ibang mga malls ay maglagay na ng mga markers para palatandaan kung ano iyong one meter na distansya.

At saka iyong total na numbers po na pupuwedeng pumasok sa mall, kinakailangan ay one is to two – one person for every two square meter. So kung 200 square meter ang mall, one hundred persons lang pupuwedeng makapasok po.

**COSIM:** Okay, ganoon po iyong gagawin nilang pagmu-monitor. Puntahan ko lamang po iyong sa shuttle, Secretary. Paano po ba kung kanilang sariling shuttle iyon, ito po ba’y dadaan pa rin sila sa mga ... kailangan pong humingi ng mga pass?

**SEC. ROQUE:** Well, kung sarili po ang shuttle, wala na pong kinakailangang permit iyan ‘no. Pero kung uupahan po ang shuttle, kinakailangan pong kumuha ng permit sa LTFRB.

**COSIM:** At doon po, sabi ninyo kung sarili nga po, ano iyong mga kailangan na lang nilang panghawakan para kapag nasita po sila ay hindi naman po sila hulihin?

**SEC. ROQUE:** Pinakaimportante po iyong ID ‘no na nagpapatunay kung saan kayo nagtatrabaho at siyempre ID na nagpapatunay kung saan din kayo nakatira para kung kayo ay sitahin. Dahil, uulitin ko po ‘no, this is maybe modified pero naka-ECQ pa rin po tayo at tuloy pa rin po ang mga checkpoints bagama’t mas marami silang papapasukin at palalabasin.

**COSIM:** And again, 50% lang po ba, lahat ng industriya, ang puwedeng workforce?

**SEC. ROQUE:** Karamihan po ay 50%. Pero iyong mga industriya na bukas sa ECQ, hindi naman po kinakailangan mag-50% at ito po iyong mga indispensable industries. At kung ano naman po iyong mga bukas sa ECQ, iyan po iyan ‘no at kasama na po nga diyan iyong pagkain, agrikultura, iyong mining. Iyong mga dati nang bukas, hindi naman po kinakailangan na 50-50 sila pero alam ninyo, dahil nga ito na po iyong new normal, kung pupuwede talagang mag-work from home, there should be a default condition on work from home kung kakayanin.

**FRANCISCO:** Kayo ba, Secretary Harry, diyan sa press corps, ganoon pa rin ano, work from home pa rin iyong mga reporters? Hindi pa rin—

**SEC. ROQUE:** Work from home pa rin ‘no bagama’t 100% of them can go to work. Talaga naman dati na silang pupuwedeng sa trabaho mismo pero dahil iyong mga studios nila ay pinuntahan ng mga nagka-COVID-19 ay minabuti na nila, with or without the guidelines, na panatilihin sa mga bahay iyong mga reporters.

Kami naman po, dahil mayroon akong comorbidity, mayroon po akong preconditional diabetes, nagdesisyon na po ako na hindi kami babalik sa live presscon dahil it seems na gumagana naman po iyong aming virtual presscon dahil lahat naman po ng tanong ay naitatanong. Kung ayaw nilang by Skype or by video, then (*garbled*)

**FRANCISCO:** Sec. Harry, aside from COVID, siyempre mayroon tayo ngayong Ambo ano. Tatanungin ko lang kung updated po—malamang naman ano, na binibigyan at nagmonitor ang Pangulo diyan. Mayroon ba siyang mga direktiba kaugnay dito sa mga mararanasan natin sama ng panahon dito sa Metro Manila at iyong nararanasan ngayon sa ibang parte?

**SEC. ROQUE:** Mayroon po tayong Oplan Listo na talagang pinaghandaan naman po natin iyan dahil ang mga bagyo naman po ay kabahagi talaga ng ating pang-araw-araw na buhay na ‘no. Naka-preposition po ang ating mga relief goods, naka-preposition po at mayroon tayong designated na mga evacuation centers. Ipatutupad din po ang social distancing sa mga evacuation centers bagama’t ito po ay on the basis of per family kasi hindi naman pupuwede talagang strict social distancing sa mga evacuation centers dahil baka kulangin.

**FRANCISCO:** Secretary, mayroong panawagan ang—well, at least kagabi iyong mga sa Samar na humihingi na po ng tulong sa national government. Siguro naman ay aaksiyunan ito ng national government ano.

**SEC. ROQUE:** Tama ho—

**FRANCISCO:** Lalo sa pagkain, iyong mga taga-Samar, dahil nga sila ay tinamaan nitong Ambo.

**SEC. ROQUE:** Well, lahat po ng ating mga relief goods ay naririyang na po, dati naman na po nating polisiya iyan. Hindi na dadalhin sa inyo, naka-preposition na po iyan. Hintay-hintayin ninyo lang po ang ayuda, parating na po iyan.

**FRANCISCO:** Okay. Balik po ako, dahil mayroong mga nagbibigay ng question iyong ating mga viewers, Secretary. From Jojit Arcega(?) – babalikan ko lang po iyong tungkol sa COVID – bakit daw po binawi iyong opening ng barbershop dito sa GCQ? Actually, dito sa magiging transition, nawala na siya eh ‘no.

**SEC. ROQUE:** Ang tanong niya po kung bakit nawala iyong mga areas, wala ng GCQ ano?

**COSMI:** Iyon pong opening ng barbershop and salon.

**FRANCISCO:** And salons. Naku, maraming gustong magpagupit eh.

**SEC. ROQUE:** Ah (unclear) usapin na iyan. Hindi po bababa sa sampung oras ang ginugol ng IATF diyan. Mayroon pang iyakan, mayroon pang—hay naku, awayan. Pinaubaya na namin ang desisyon kay General Galvez, ang Chief Implementer. At ang sabi ni General Galvez,

mahihirapan siyang mag-impose ng social distancing sa mga barber at salon, and that was the final answer. (Unclear) nagkaroon ng closure iyang isyu na iyan.

**FRANCISCO:** Naku, wala munang gupitan, mga kapatid.

**SEC. ROQUE:** Mahal natin ang mga barbero, mahal natin ang mga beauticians dahil talagang napakaraming oras po ang ginugol sa kanila.

**COSIM:** Puntahan ko lamang po, Sec., ito pong usapin ng Social Amelioration Program. Ready na po ba iyong ating budget dahil unlike the first tranche, 18 million families; on the second tranche, we're talking about 23 million families. Tayo po ba ay may sapat na budget para po dito sa additional five million?

**SEC. ROQUE:** Well, lilinawin ko lang. Iyong first tranche po, nag-order ang Presidente na bigyan ang lahat ng nangangailangan. So imbes na 18 million, nagbigay po sa 23 million. Now, pero ito po ay isyu ng mathematics, simple mathematics. Dahil ang binigay lang po ng ating Kongreso ay 205 billion. Ang nangyari po diyan, doon sa first tranche ay 23 million ang ating binigyan 'no. At ang suma-total po diyan na naibigay natin to 23 million, between 5,000 to 8,000 ay tumataginting na 133.1 billion.

Kaya nga po ang naging desisyon ng IATF ay doon sa second tranche ibigay na lang doon sa mga nasa ECQ at wala na iyong sa GCQ at ang mabibigyan po 11.5 million people na mayroong katumbas na 77.6 billion. Suma-total po ay 210.7 billion 'no na mayroon ng deficit na five million kasi 205 lang po ang naibigay.

Ganoon pa man, si Presidente nga po ay nagkausap kami kaninang madaling araw, at ang sabi niya inatasan na niya si DBM Secretary Wendel Avisado na tingnan, unang-una, kung ano iyong mga pondo na puwedeng mai-realign para mabigyan ng ayuda sa second tranche ang lahat ng 23 million Filipinos.

At nananawagan siya sa Kongreso na tulungan siya kasi talagang hindi naman sapat iyong 205 billion para bigyan ang lahat ng 23 million ng ayuda. Diyan po, para mabigyan ang lahat ng ayuda, first and second, ang kinakailangan po natin ay 257.7 billion, and we will be short po by 52.7 billion – malaking halaga po iyan.

So pinag-aaralan kung paano pa mabibigyan ang lahat na 23 million ng pangalawang ayuda. Pero wala pa pong linaw kung saan manggagaling ang pondo. Ang malinaw lang po ay mabibigyan natin talaga iyong 11.5 million families na nananatili sa ECQ ng pangalawang buwan.

**COSIM:** Ito pong nasa Modified ECQ, ano po, Sec?

**SEC. ROQUE:** Wala pa pong desisyon. Pero marami naman pong mga industriya na bukas na diyan 'no. So inaasahan natin na hindi naman lahat dapat pa mabigyan na 'no dahil kung hindi

ako nagkakamali, siguro (*garbled*) 50% bukas na ang mga industriya 'no. So hindi naman siguro dapat mabigyan ang lahat.

Pero ang punto nga po, sa second tranche alone, kung ang bibigyan ay 23 million, hindi pa po natin alam kung saan kukunin iyong balanse na 50 billion.

**COSIM:** Klaruhin ko lamang po, ang sigurado po sa second tranche na may budget na po ay aabot sa 11.5 million families?

**SEC. ROQUE:** Eleven point five million families, opo, sigurado po iyan. So ang hahabulin na lang natin ay iyong balanse dahil ang suma-total po ay dapat 21.3 million. So mayroon pa tayong ten million families na hahanapan ng pondo para sa second tranche.

**COSIM:** At sinabi ninyo po ay iyong first tranche, originally ay 18 million families. Sabi ninyo po na hindi ito nangyari bagkus ay nagbigay po tayo sa 23 million ng first tranche?

**SEC. ROQUE:** Binigyan natin ang 23 million dahil ang sabi ni Presidente ay bigyan ang lahat ng mga nangangailangan. So pinaninindigan po natin iyon. Sa first tranche, hindi lang 18 kung hindi 23 million. Ang tanong na lang, kung bibigyan pa ba natin lahat ng 23 million (*garbled*)

**COSIM:** Okay, all right.

**FRANCISCO:** Bibigyan po natin, Secretary Harry, ano po ng ilan pang pagkakataon iyong mga viewers natin na magtanong. From Murphy Castro from FB po ano: Papayagan po bang pumasok sa MECQ areas iyong galing sa GCQ sakay ng mga pribadong sasakyan? Practical question.

**SEC. ROQUE:** Depende po kasi bawal pa rin po ang non-essential travel. Pero kung sila po ay magtatrabaho, mayroon silang ID, papayagan po iyan.

**FRANCISCO:** Okay. Question naman po from Janet ng Antipolo: Allowed na po bang mag-operate ang mga nag-o-offer ng occupational therapy for iyong mga special needs po na kids? Hindi kasi umuubra na online iyong treatment eh.

**SEC. ROQUE:** Basta po may precaution naman po 'no. Pinakamabuti po mag-PPE kayo 'no, parang mga physical therapy din po iyan 'no. Talaga namang allowed sila pero as a members of the allied medical profession, alam po nila kung anong pag-iingat ang dapat gawin.

**COSIM:** May mga lumapit po sa atin na mga OFWs, ano na po ba ang sitwasyon sa kanila, Sec., iyon pong mga nasa quarantine areas? Ang sinasabi po kasi ay lumalagpas na sila sa 14 days, hindi pa rin sila nari-release.

**SEC. ROQUE:** Well, kailangan po (*garbled*) talaga sila diyan, dahil ang alam ko po, noong nag-operate na ang PNR napakabilis naman po ng resulta. Ako po, overnight lang, nakuha ko

iyong resulta ko sa PNRC. Ang aking maybahay, the same day nakuha niya iyong resulta sa PNRC. Bagama't siguro ngayon po ay may kaunting delay kasi maramihan na iyong testing 'no, 23,000 po iyong bibigyan natin ng PCR test at tingin ko karamihan niyan ay gagawin ng PNRC.

Pero kakalampagin po natin dahil ang mahirap po sa mga OFW na 14 days nang naiipit, bukod doon sa stress na sinasapit nila ay parang nakukulangan din tayo ng quarantine area 'no. Kaya nga po tinigil natin ang mga flights ng isang linggo para ma-free up iyong ibang lugar.

**COSIM:** Isa po doon sa concern, para lamang po mas marami, iyon pong ibang mga OFWs natin doon na naka-quarantine ay para daw po makapag-schedule sila ng—parang hindi po sila iri-release hanggang hindi sila nasa-swab test. The swab test costs like P4,000 daw po sa Red Cross. The thing is, ang pagkakaintindi po nila, hindi sila ang dapat magbayad; hindi po ito dapat out of pocket ng isang OFW. Pero iyong iba, dahil hindi binabayaran ng kanilang ahensiya ay napipilitan po silang maglabas ng pera para lamang po ma-schedule na iyong swab test at mabilis po silang ma-release nga po sa quarantine facility.

Kami po ay dumudulog na sa inyo, Sec., baka po pupuwedeng makalampag or katukin po ang OWWA because we also tried baka po marami talagang trabaho, we tried reaching out to them kaya lang po hindi sila sumasagot, na baka po kasi—siyempre malaking pera po iyon para ilabas ng isang OFW iyong 4,000 eh dapat naman po pala ang nagbabayad ay ang kanilang ahensiya or I think OWWA should also pay kung wala pong kakayanan ang OFW. Tama po ba iyon, Sec?

**SEC. ROQUE:** Ang alam ko po ay nagbigay nang pang-advance na 100 million pesos ang PhilHealth para sagutin itong mga testing na ito. At noong ako po'y kumuha ng PCR test sa PNRC, ang binayad ko po ay P3,500. Ngayon, malinaw po na mayroon ng advance payment ang gobyerno natin sa PhilHealth so dapat po hindi na isyu ang pagbabayad. Pero ganoon pa man, kung talagang mapilitang mag-advance, iyon naman po ay reimbursable sa PhilHealth, iyong buong cost ng testing.

At ako naman po ay nagsulong ng Universal Healthcare, nandiyan po iyan sa batas natin na iyong mga diagnostic tests, sagot po iyan ng PhilHealth.

**COSIM:** Kasi mayroon pong isang ... seafarer po siya 'no. Pinadala pa niya sa akin iyong deposit slip na P4,500 na ibinayad sa Philippine Red Cross. So ito po ay puwede pang ma-reimburse?

**SEC. ROQUE:** Pa-reimburse po iyan sa PhilHealth dahil sagot po iyan ng PhilHealth. At sinasabi ko na sa inyo, bilang author ng Universal Healthcare, chargeable po iyan sa PhilHealth.

**COSIM:** Nasa 23,000 or 26,000 na po yata iyong OFWs natin sa quarantine facilities. Eh may padating pa raw pong around 40,000 plus. Handa po ba tayo doon sa mga OFWs na darating po, around 40,000 plus next week?

**SEC. ROQUE:** Well, naitaas na po natin ang testing capability natin to 10,000 'no. So it will take a while ... hindi naman sila lahat darating po nang sabay-sabay dahil limitado rin po ang mga inbound flights din po natin 'no. Nili-limit natin po iyan to around 300 to 400 a day. Kung marami silang darating, hindi naman po isang bugso iyan. Talagang kinukuwenta po iyan at ang determination po kung ilan ang papasok ay depende doon sa ability na mag-swab test nga po.

**FRANCISCO:** Sec. Harry, isa na lamang pong question mula doon sa ating mga viewers, na mga practical po o kaya iyong mga medyo specific nang konti. From Mel(?): Paano po kung maglilipat bahay sila from Cavite na GCQ area to Laguna na MECQ area? Kailangan daw po ba ng document or they can freely go to another city?

**SEC. ROQUE:** Hindi po indispensable iyan. Ipagpaliban po muna.

**COSIM:** Hihingi lang po kami ng update din dito po sa kontrobersiyal na birthday party ni NCRPO Chief Debold Sinas na sinasabi nga pong kakasuhan na pero kailangan po yatang magpaalam muna sa Malacañang ano po, dahil appointee po si General Sinas ni Pangulong Duterte.

**SEC. ROQUE:** Dalawa po iyan – criminal case, isasampa na po ngayong araw sa piskalya; iyong administrative case, kukuha po ng clearance sa Malacañang.

**COSIM:** Okay. Baka po may huli tayong mensahe sa mga kababayan po natin, Secretary Roque, at paalala?

**SEC. ROQUE:** Well, ang paalala lang po natin, kahit anong tawag diyan, mayroon pa rin po tayong community quarantine. Habang walang bakuna, habang walang gamot, may banta pa rin po ng COVID. Hindi na po tayo makakabalik ng normal na natikman natin iyong mga unang panahon habang wala pong bakuna at gamot.

Mag-ingat po tayo. Be vigilant and stay safe. Maraming salamat po at magandang umaga po.

**COSIM:** Marami pong salamat for you time, Secretary Harry Roque. Good morning po sa inyo.

**FRANCISCO:** Thank you, Secretary.

###

--

*News and Information Bureau-Data Processing Center*